# SULIRANIN SA PAGAARAL GAMIT ANG MODYUL AT KLASE ONLINE

*by:*
**Margie S. Junio**

Ilan sa mga ipinatupad ng DepEd ay ang paggamit ng modyul para sa mga mag-aaral at klase online. Ito ang mga paraan para mapagpatuloy ang pag-aaral ng bawat mag-aaral.Ang klase online ay gumagamit ng teknolohiya at aplikasyong Zoom o Google meet, na nangangailangan ng internet para makasama sa talakayan ng guro ang estudyante.Sa pamamagitan nito hindi na kailangan makipagsapalaran ng mga mag-aaral na makisalamuha sa iba dahil sa kumakalat na virus, Ang modyul naman ay gawa ng mga guro kung saan nakasulat ang kanilang aralin o leksiyon sa bawat asignatura. Sa tulong ng kanilang magulang nasasagutan nila ang kanilang leksiyon at para masiguro ng guro na nagagagwa sila, minsan ay bumibisita sila sa bahay ng bawat mag-aaral o kaya'y mayroon silang "group chat" kung saan maaari silang magtanong sa guro kung mayroon silang hindi alam sa kanilang leksiyon.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngunit alam natin na mayroon ding mga suliranin sa pagkaklse online. Una para tayo ay makasali sa klase online kailangan ng mga mag-aaral ng wifi o internet, sa paggamit nito maaari tayong magkaproblema kapag nawalan ng kuryente sa ating lugar o kaya nawala ang koneksiyon natin sa internet, kaya't hindi tayo makakasali sa klase. . Pangalawa, sa kadahilanang wala ang guro sa tabi ng estudyante tuwing siya ay nagleleksiyon ng kanilang aralin, mahirap para sa guro ang malaman kung ano ang ginagawa ng kanyang estudyante, may pagkakataon na ang mga estudyante ay hindi nakikinig at may ibang pinagkakaabalahan na hindi nakikita ng kanilang guro. Pangatlo ang kanilang kalusugan, iniiwasan natin na magtagal ang mga estudyante sa harap ng kanilang teknolohiya na ginagamit nila sa kanilang klase online, alam natin ang dulot ng radiation sa atin, minsan hindi nalalaman ng mga magulang na dinadahilan nila na may

klase sila online kahit sila ay tapos na para sila ay makapagbabad at payagan na gumamit nito Dagdagan pa rito ang stress, pressure at dipression na dulot sa mga mag-aaral, dahil sa bagong sistema ng pag-aaral.

Mayroon ding mga suliranin ang modyul. Kadalasan ang mga mag-aaral ay hindi naiintindihan ang leksiyon sa modyul at nagtatanong lang ng sagot sa mas nakakantanda. Dagdag pa rito, sa halip na ang mga estudyante ang magsagot sa kanilang modyul, hinahayaan nila o pinapasagutan na lamang nila ito sa kanilang magulang o kamag-anak na hindi dapat nangyayari. Aminin natin na ang ibang magulang ang siyang nagsasagot sa modyul ng kanilang anak para mas mapabilis ang pagsagot. Ngunit ang kanilang anak ay hindi alam kung bakit ganoon ang nagging sagot dahil hindi ito ituro o ipinaliwanag ng magulang. Ang ibang magulang ay hindi rin maintindihan ang kanilang leksiyon na malaking problema para sakanila.

Ang makabagong pag-aaral ay nagdulot ng malaking epekto sa bawat isa. Mas masayang matuto sa paaralan, dahil lahat ng kailangan mo at hindi mo alam ay maitatanong natin sa ating guro at sa paaralan may interasksyion ng bawat isa. Kooperasyon ng bawat isa ang susi para sa matagumpay na pag-aaral habang may pandemya.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Online Class, ang bagong normal na pag-aaral ng mga kabataan - Ako Ay Pilipino , Disadvantages Of Modular Learning | Helpline PH at Pananaliksik.docx - Kalamangan at Kahinaan ng Online Class sa mga Mag-aaral ng Colegio de Dagupan(CdD Manaois Mark Daniel de Guzman Mari\u00f1as Angelica | Course Hero